

## APPLICATION

- Natanggap mo na ba ang kapatawaran at kapayapaan na ibinibigay ng Diyos sa atin? Paano mo makikilala ang Diyos bilang iyong Prinsipe ng Kapayapaan ngayong linggo?
- Saan mo kadalasang kinukuha ang iyong kalakasan at katatagan? Paano mo ito makukuha sa Diyos sa araw-araw?
- Sino ang maaari mong hikayatin itong linggo na ito upang kilalanin at sundin ang Diyos? Pumili ng isang kaibigan o kapamilya na iyong bibigyan ng lakas ng loob at hingin sa Diyos ang pagkakataon na maibahagi sa kanya, ngayong linggo, ang ebanghelyo.

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pagiging iyong dakilang Pastol na siyang naging alay na Tupa para sa iyo. Pasalamatang Siya sa Kanyang pakikipagkasundo sa iyo.
- Ipanalangin na ang Diyos ang laging pagmumulan ng iyong kalakasan, katiwasayan, at kapayapaan. Ipanalangin na ikaw ay sa Diyos lamang titingin para sa lahat ng iyong mga gagawin araw-araw at hindi sa mga nangyayari sa iyong buhay, hindi sa iyong sarili, at hindi sa sinumang tao.
- Hingin sa Diyos ang katapangan upang ibahagi sa ibang tao, lalo na sa mga oras ng pagtitipon at pagdiriwang, kung sino Siya at kung ano ang mga ginawa Niya para sa iyo. Ipanalangin na ang iyong mga kaibigan at kapamilya na hindi pa nakakikilala kay Jesus ay magawang ibigay ang kanilang mga buhay sa Kanya.



© 2014 ng Victory®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.  
Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot  
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado  
ang lahat ng pag-aari.

Ang pagkopya ng lathaing ito ay pinahihintulutan para sa lokal na  
simbahan. Hindi ito ipinagbebenta.  
[victory.org.ph](http://victory.org.ph)



## Ang Pastol na Naging Tupa

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na iyong ginagawa na nagbibigay sa iyo ng kapayapaan? Bakit ito nakapagbibigay ng kapayapaan?
- Magbigay ng isang bagay kung saan nais mong maprotektahan ang iyong mga mahal sa buhay. Bakit nais mo silang iligtas sa bagay na ito?
- Alalahanin ang isang pagkakataon kung saan tumulong ka upang magkaroon ng kapayapaan ang isang nasirang relasyon. Ano ang nangyari dito?

**WORD**

<sup>4</sup>Pamamahalaan niya ang mga mamamayan ng Israel sa pamamagitan ng lakas at kapangyarihan ng Panginoon. Ang katulad niya’y isang pastol na nagbabantay ng kanyang kawan. Kaya mamumuhay sila nang mapayapa dahil kikilalanin ng mga tao sa buong mundo ang kaniyang kadakilaan. <sup>5</sup>Bibigyan niya ng mabuting kalagayan ang kaniyang mga mamamayan. ‘Emmanuel.’ **MICAS 5:4-5**

Sa gitna ng pang-aapi at kawalan ng kapayapaan na nararanasan ng Kanyang mga mamamayan, ipinangako ng Diyos ang kaligtasan at tunay na kapayapaan. Ipinangako Niya na Siya ay magpapadala ng Pastol, ang Kanyang Anak, na piniling ialay ang Kanyang sarili para sa atin at alisin ang mga kasalanan sa buong mundo. Si Jesus, na ating Dakilang Pastol, ay nagbibigay kalakasan, katiwasayan, at kapayapaan na hindi maibibigay ninuman. Sa araling ito, ating kikilalanin ang ating Dakilang Pastol at ang Kanyang mga ipinangako para sa atin.

**1 Ang Diyos ang ating kalakasan.**

*Pamamahalaan niya ang mga mamamayan ng Israel sa pamamagitan ng lakas at kapangyarihan ng Panginoon...*

**MICAS 5:4**

Ang Diyos, bilang ating Pastol, ay nagbibigay sa atin ng kalakasan. Kung wala Siya, tayo na Kanyang mga tupa ay may kakulangan sa lakas at kakayanan. Subalit sa piling Niya, kaya nating gawin ang anumang bagay. Paano mo natutunang maging malakas sa Diyos sa oras ng paghihirap?

.....  
.....  
.....  
.....

**2 Ang Diyos ang ating katiwasayan.**

*Ang katulad niya’y isang pastol na nagbabantay ng kanyang kawan. Kaya mamumuhay sila nang mapayapa dahil kikilalanin ng mga tao sa buong mundo ang kaniyang kadakilaan. **MICAS 5:4***

Ang ating katiwasayan ay hindi dapat nakasalalay sa kung anuman ang ating nakikita o kung anuman ang mayroon tayo. Ang ating mga kalagayan sa buhay ay pabago-bago. Kung tayo ay magtitiwala sa mga ito, tayo ay magkakaroon ng kawalan ng katiyakan kung ang mga bagay ay hindi nangyayari batay sa ating mga kagustuhan. Subalit, kung tayo ay magtitiwala sa Diyos at sa Kanyang mga sinasabi patungkol sa atin, tayo ay hindi mabibigo at hindi matatakot sa mga pabago-bagong sitwasyon sa ating buhay. Ano para sa iyo ang ibig sabihin ng mamuhay nang may katiyakan?

.....  
.....  
.....  
.....

**3 Ang Diyos ang ating kapayapaan.**

*Bibigyan niya ng mabuting kalagayan ang kaniyang mga mamamayan. **MICAS 5:5***

Hindi lamang kalakasan at katiwasayan ang ibinibigay sa atin ng Diyos. Binibigyan Niya tayo ng kapayapaan dahil Siya ang Prinsipe ng Kapayapaan (Isaias 9:6). Ang kapayapaan na ito ay bunga ng pakikipagkasundo ng Diyos sa atin at sa ating pagtanggap ng Kanyang kapatawaran sa ating mga kasalanan. Paano naging totoo at walang hangganan ang kapatawaran na ibinibigay sa atin ng Diyos, na higit pa sa anumang kayang ibigay ng sinuman?

.....  
.....  
.....  
.....